# Tunay na sa Paraiso ay may isang punong-kahoy na makapaglalakbay ang sumasakay sa kabayong mahusay na mabilis ng isandaang taon nang hindi natatawid ito.

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy, malugod si Allah sa kanya: "Tunay na sa Paraiso ay may isang punong-kahoy na makapaglalakbay ang sumasakay sa kabayong mahusay na mabilis ng isandaang taon nang hindi natatawid ito." Isinaysay ito sa Ṣaḥīḥayn din ng dalawa, mula sa sanaysay ni Abū Hurayray, malugod si Allah sa kanya: "makapaglalakbay ang sumasakay sa lilim nito ng isandaang taon nang hindi natatawid ito."

[Tumpak] [napagkaisahan ang katumpakan sa dalawang salaysay niya]

Nililinaw ng ḥadīth ang lawak ng Paraiso at ang nasa loob nito na malaking lugod, kung saan may paglalarawan ng mga punong-kahoy ng Paraiso at lilim nito, kung saan ang sumasakay sa kabayo ay hindi nakararating sa dulo nito dahil sa laki nito. Ito ay kabutihang-loob na dakila na inihanda ni Allah sa mga lingkod Niyang nangingilag magkasala.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee